# Prologue

*To: malaya612@yahoo.com, angelescharlee@hotmail.com*

*From: satrianilives@yahoo.com*

*Subject: First Year*

*Hey, Sweets! Kumusta na? Saktong one year na simula nang mawala sina Nanay, Tatay at Hendrix. Sobrang nami-miss ko pa rin sila, pero ngayon, tanggap ko nang hindi ko na sila makakasama kahit kailan. Iniisip ko dati na wala silang magiging kapalit para sa akin saan man ako magpunta, pero hindi ko inaasahan ang pagdating nina Tito Albert at Tita Gertrude sa buhay ko. Halos one year na rin simula nang kupkupin nila ako, pag-aralin at ituring na parang tunay na anak na rin nila.*

*My adoptive parents often tell me that I came at the time they were both still overflowing with love, longing and sadness over the loss of their two sons. Sa pagdating ko daw, may napaglalaanan na sila ng pagmamahal, at hindi na sila gaanong nalulungkot. Pero obvious naman kung paanong patuloy pa rin silang nananabik and at the same time, nasasaktan sa tuwing maiisip na wala*

*na ang mga anak nila. The elder one committed suicide, and the younger ran away with that evil woman who was the reason why their other son took his life in the first place. Ang sakit, di ba?*

*Kanina nadaanan ko sila sa den. Magkatabi lang silang nakaupo at nanonood sa video ng twentieth wedding anniversary nila, kung saan binigyan sila ng surprise party ng mga anak nila. And both guys sang, as both played a musical instrument. 'Yung isa, nasa piano habang 'yung isa, gitara ang hawak. Tito Albert and Tita Gertrude looked so sad, it's heartbreaking. I often wish I can do something.*

*And I will… someday. Hindi ko alam kung ano iyon o kung paano. Pero hindi ako titigil hangga't hindi ko nagagawang ibalik sa kanila ang isang anak na hindi ko alam kung bakit nagawang iwan ang ganoon kabait na mga magulang. Not that I hate that Bertrand, I actually want to understand him. I will hear his story one day, and then I will do what I can to bring him back to his wonderful parents.*

*And to bring back the life in the eyes of those people who have been the very reason why I am still here… breathing, hoping, and living.*

*Ano sa tingin n'yo? ;-)*

# 1

"Rand, this is Miss Satriani Libiran." Iyon kaagad ang narinig ni Rand sa kanyang trusted executive assistant for the past three and a half years na si Alain. Si Alain ay half brother ng namayapa niyang asawa na si Abby.

Bukod sa kanyang trabaho ay pinagkakatiwalaan din niya ito at laging maaasahan sa pagkuha ng mga taong labis na nagpagaan ng kanyang buhay. Mula sa pagre-repaint ng kanilang bahay; sa pagdedesisyon at paghahanap ng lugar kung saan puwedeng gugulin ng mga anak ang summer vacation ng mga ito by learning a new craft or skill; sa bawat event—maliit man o malaki—na kailangan niyang i-organize, personal o propesyonal man iyon.

Si Alain din ang pinagkakatiwalaan niyang maging halos pangalawang ama ng kanyang mga anak sa tuwing kailangan niyang pumunta sa ibang bansa upang dumalo ng conferences, kumuha ng short courses o kaya bilang teaching fellow. Alain had been like a brother and a best friend, at nirerespeto niya ang lahat ng desisyon nito dahil kahit kailan ay hindi pa ito nagkamali at hindi niya pinagdudahan ang kakayahan nito.

Pero sa kauna-unahang pagkakataon yata ay mag-aalangan siya sa lalaki. Nakatayo ito sa maliit na receiving area ng kanyang opisina at nakangiti, nasa tabi nito ang isang babaeng tila nahihiya ngunit derecho namang nakatingin sa kanya. The woman was of average height, slim and athletic-looking, had creamy fair skin, and the most arresting almond eyes he had ever seen.

Hugis-puso ang mukha nito na average lamang kung tutuusin ang mga features, pero napakainteresante kapag pinagsama-sama. Hindi ito ang pinakamagandang babaeng nakita niya, more because he preferred women with long, straight hair. His visitor had a nice pixie haircut. She was wearing a knee-length white floral dress and cream-colored cardigan. Cream din ang kulay ng sapatos nitong may heels. Puti ang dala nitong shoulder bag.

He couldn't stop taking in every detail about the woman because she wasn't what he had been expecting to see. Nangungunot ang noong sinulyapan niya si Alain, na noon ay bahagyang nakaarko ang kilay na nakatingin sa kanya. Tumayo siya mula sa kinauupuan sa likod ng mesa upang lapitan ang dalawa.

"She's going to be the kids' stay-in tutor, Rand,"

sabi muli ni Alain bago tumingin sa katabi. "And this is Atty. Bertrand De Cordova, our boss."

Kaagad na ngumiti ang babae. Tila nagliwanag ang buong mukha nito dahil sa ngiting iyon. Iniabot nito ang isang kamay sa kanya. "Pleased to meet you, Attorney."

Ilang sandaling tiningnan niya ang kamay nito. Medyo maugat iyon at mahahaba ang mga daliri. *A musician's hand,* he thought before he took her hand in his. It felt a bit rough, but warm and good to the touch.

"Likewise, Miss Libiran," tugon niya. Binitawan niya ang kamay nito bago iminuwestrang maupo sila sa couches na nakapaligid sa coffee table sa receiving area. Nakahanda na roon ang dokumentong kailangang pirmahan ng babae.

"You may call me 'Rand'. Ayoko nang masyadong pormal, lalo na kapag nasa bahay," aniya nang makaupo na sa katapat ng pinuwestuhan nito at ni Alain.

"Then please call me 'Yani'," nakangiting sabi ng babae.

Tumango lang siya bago marahang itinulak palapit dito ang isang folder. "This is the employment

contract. I assume naipaliwanag na sa 'yo ni Alain ang lahat ng may kinalaman sa magiging trabaho mo, pati na ang ilang house rules na kailangan mong sundin while you're under my employ."

Marahang tumango ito. "Yes, nasabi na niyang lahat sa akin."

Rand couldn't help noticing her voice, na mababa at maganda sa pandinig. Nasabi na sa kanya ni Alain ang credentials at background ng kaharap. Nagawan na rin nito ng ilang background check ang babae. He said she was the most qualified for the job because she got the most glowing recommendations from the investigation he made.

"Do you have any more questions?" tanong niya.

Umiling ito bago ngumiti. "Wala na."

*Well, ako meron.* Gusto niya iyong sabihin, sabay sulyap kay Alain na nakaalalay sa babae. Tumaas lang ang isang sulok ng mga labi nito. Napailing siya bago binuksan ang folder. "There are four copies. You may keep one. Please sign in each page here…" Itinuro niya ang kaliwang margin bago ang huling pahina ng five-page contract. "And here."

"Okay," nakangiti pa ring sabi ni Yani bago mabilis na kinuha sa bag nito ang reading glasses,

isinuot iyon, at niyuko ang kontrata. Naibigay na rito kamakalawa ang draft niyon upang pag-aralan, kaya ngayon ay halos pinasadahan na lang nito ng tingin ang mga papeles.

Nakamasid si Rand habang pumipirma ito. She looked dainty and fragile, but she was swift and even a bit rough. Medyo alanganin pa ang pagkakaupo nito. Her crossed legs revealed more of her toned legs. Gusto niyang murahin ang sarili dahil talagang napansin pa niya. But when he shifted his gaze, it went to that hint of cleavage that was exposed as the woman in front of him was slightly bent over the papers. She wasn't even well-endowed, but what he saw so far seemed to make his body react in ways he never thought they'd still be capable of after all these years. *Damn!*

Ibinaling niya muli ang tingin kay Alain, na tila nakakaloko naman ang ngiti sa kanya. He mouthed a cuss word at him, na ikinatawa lang nito nang mahina. Tila wala namang pakialam si Yani sa naging exchange nila nang iabot sa kanya ang mga napirmahang dokumento.

"Done!" She smiled up at him.

Hindi alam ni Rand kung namamalikmata lang ba siya o talagang may kapilyahan ang ngiti sa kanya

ni Yani. "Well, I expect to see you this Saturday, then?"

Nakangiti pa rin ito nang tumango.

"Good." Tumayo na siya, bitbit ang folder, at muling iniabot ang kamay sa babae. Tila naguguluhang tinanggap nito iyon. This time, his handshake was abrupt, na tila inaalis niya sa sistema ang kung anong mga nararamdaman kanina simula nang makita si Yani. The feelings were unexpected, and definitely not welcome.

"I'll tell Mr. Yuchengco you will see him now," ani Alain habang nakaalalay ito sa likod ni Yani na bahagyang kumaway bilang pamamaalam sa kanya.

He simply nodded, avoiding to stare too much at the woman. Sa kabila ng katotohanang tinanggap na niya ito bilang stay-in tutor ng mga anak at sa kabila ng kumpyansa niya sa desisyon ni Alain, hindi pa rin niya maiwasang mag-alinlangan.

Siguro ay dahil may isang magandang babae na makikitira sa kanya sa iisang bahay kung saan kasama niya ang mga anak sa nakalipas na limang taon. Or maybe because he would soon be having a woman in his life once more, period. Ni hindi niya naiimbitahan sa bahay niya ang mga babaeng nakaka-date niya sa nakalipas na ilang taon, pagkatapos ngayon ay

biglang may isang Satriani Libiran na sa bahay, at buhay niya.

But she was going to be the kids' tutor! Oh man, bakit ba niya iyon nakalimutan? Why did it bother him, anyway?

Nakuha niya kaagad ang sagot habang pabalik sa kanyang mesa. Yani's faint yet lovely scent, which he never quite noticed before, lingered. And that made him a bit nervous.

---

"My God! Bakit ganoon? Bakit masyado pala siyang guwapo sa malapitan? Bakit ang init ng pakiramdam ko?" sunud-sunod na tanong ni Yani kay Alain habang palabas ng elevator sa ground floor. Pinaypayan pa niya ng hawak na folder ang sarili.

"Parang hindi ka sanay na makakita ng guwapo. Ang tagal na kaya nating magkakilala," nakangising sabi nito, na sinagot lang niya ng mahinang hampas.

"Seriously, Alain. Ang lakas pala ng dating ng isang iyon. Alam mong hindi ako madaling ma-impress sa guwapo... maliban sa 'yo." Nginisihan niya ang kaibigan na natawa lang.

True, she had always been impressed by Alain's

achievements. Ito yata ang pinakamatinong lalaking nakilala niya. Kaya lang ay purely platonic talaga ang turingan nilang dalawa. Para pa nga silang magkapatid, at iyon ay dahil siguro sa dalawang mababait na taong naging dahilan upang marating nila ang kung anumang mayroon sila ngayon. Ang dalawang taong dumating sa buhay nila sa panahong akala nila ay wala na silang kakayahang tuparin ang mga nais nila sa buhay.

Ang dalawang taong iyon ay walang iba kundi ang ngayon ay Defense Secretary na si Gen. Albert De Cordova and his wife, Gertrude. Ilang taon na rin nilang pinaplano ni Alain ito, ang sa wakas ay makaganti sa lahat ng kabutihan ng mag-asawa. Ngayon nga ay magkakaroon na iyon ng katuparan—ang unti-unti ay magawa nilang mapagkita at mapalapit muli ang mga ito sa anak na walang iba kundi si Bertrand.

“Maraming may gusto sa kanya. At hindi lang ikaw ang nakakaramdam ng ganyan. Lahat yata ng babaeng nakikita kong nakikilala siya for the first time, parang  nakakalimutan nang nasa paligid din pala ako, biro nito. “Akala ko pa naman, wala siyang magiging epekto sa ’yo, meron pala.”

Natawa lang si Yani. Ang hirap alisin sa isip ang

isang katulad ni Rand. He was tall, maybe almost six feet, lean and muscular, with broad shoulders and the sexiest arms she'd ever seen. Tila kay sarap mapaloob sa mga bisig na iyon. Tama lang ang kulay nitong hindi moreno ngunit hindi rin naman kaputian. His facial features were a subtle mix of his father who was part-Japanese and his mother's striking Spanish mestiza features.

Almond-shaped ang mga mata nito, na may mahahabang pilik at maganda ang hugis ng medyo makakapal na kilay. Tamang-tama lang ang tangos ng ilong ng lalaki. Prominente rin ang cheekbones nito, na nagbibigay ng distinct character sa mukha nito. But what really got her attention were his lips. They were a bit plump, which she rarely saw in a man but looked really sexy on Rand. Kaninang bumubuka ang mga labing iyon habang nagsasalita ay nakita niyang mapuputi at pantay-pantay ang mga ngipin nito. She could just imagine what his smile, and even the sight of those lips alone, did to all the other women he'd been with!

*Oh boy…* kinikilig na naisaloob niya.

Mataman siyang tiningnan ng kaibigan. "Seriously, Yani. Sigurado ka na ba dito? Alam kong nagkapirmahan na ng kontrata and all, pero madali

naman nating magagawan ng paraan para mapostpone muna ang pagsisimula mo o umisip tayo ng ibang strategy."

"Sigurado ako, Alain. Ano ka ba? Ilang taon na natin itong pinagpaplanuhan. I just feel bad I had to lie to Tito Albert and Tita Gertrude about this, bukod sa may isang taon akong mapapahiwalay sa kanila. Apat na araw kada buwan lang ang day-off ko." She sighed. "Pero gusto ko itong gawin. Matagal na panahon ko na ding pinapangarap na magawa ito para sa kanila. There is no way I am backing out now."

Napatango lang si Alain. "All right. Sinabi mo, eh."

Ngumiti siya,bago huminto sa tapat ng kanyang *F150* sa front parking area. "Medyo kabado lang ako na baka hindi ako magustuhan ng mga bata, kahit nakuwentuhan mo na 'ko tungkol sa kanila."

"They're good kids, Yani. Alam kong makakasundo mo sila. Huwag mo silang problemahin. Ang isipin mo ay ang tatay nila. He is a cool guy but I am not sure how things would be with a woman like you around the house. Adjustment din ito para sa kanya kaya kung sa tingin mo ay mahirap siyang pakisamahan, sana ay pagpasensyahan mo na lang."

Muli siyang tumango. Rand seemed like the quiet, serious type. Nakakailang kung paano ito tumingin, na tila inoobserbahan nito ang bawat galaw niya. Na parang may hinihintay itong mangyari, at kapag nangyari ang kung anumang bagay na iyon ay bigla nitong sasabihin na inaasahan na nito iyon. That he'd known her, all her plans all along. She shuddered at the thought.

Bertrand De Cordova was a lawyer, after all. One of the best at that. He was trained to not trust easily, to always look beyond the surface. Sa kabila ng naplantsa na nilang lahat ni Alain ang ultimo pinakamaliit na detalye tungkol sa gagawin niya ay hindi pa rin siya dapat makampante. Kailangan niyang maging maingat.

Lalo pa at hindi rin niya inasahan ang naging epekto ni Rand sa kanya kanina. She had always thought she was tough and not easily rattled. But one look at those intense, deep-set eyes—even slightly obscured by glasses—was enough to make her nervous.

It was like they could see right through her.

"Paano, aakyat na 'ko. We have a long day ahead," paalam ni Alain bago siya tinapik sa balikat.

“Thanks, Alain,” aniya bago pinisil sa braso ang kaibigan. Ngumiti lang ito bago tuluyan nang nagpaalam.

Inihatid ni Yani ng tingin ang lalaki habang pabalik ito sa building. Dalawang araw mula ngayon ay nakatakdang magkaroon ng matinding pagbabago sa buhay niya. Excited siyang sa wakas ay magkakaroon na rin ng katuparan ang isang matagal na pangarap, habang kinakabahan din sa kailangan niyang matutunang harapin simula sa Sabado.

Namely, Bertrand De Cordova’s piercing gaze and the way he was making her feel.

---

*Oh, my God, this is it!* Napabuga ng hangin si Yani matapos pindutin ang doorbell sa pedestrian gate ng #78 Edinburgh St. sa exclusive village na iyon sa Sta. Rosa, Laguna. Habang hinihintay na may magbukas ng gate ay umatras siya at sumandal sa dalang sasakyan. Inalis na niya ang kahit anong bagay sa kanyang *F150* na maaaring magbigay ng clues sa kaunayan niya sa mga De Cordova.

Graduation gift kasi iyon sa kanya ng mag-asawa. She smiled at how she refused a brand-new car so the couple brought her to a used car lot and made her

choose. Wala na siyang nagawa dahil ang sinabi ng mga ito ay hindi raw sila aalis doon hangga't hindi siya pumipili.

She missed her adoptive parents already. Lampas isang dekada na ring palagi niyang kasama ang mga ito, at ngayon ay pansamantalang lalayo siya upang sa wakas ay magawa niyang mailapit uli ang mga ito sa anak na isang dekada nang wala sa piling ng mag-asawa.

"Puwede ka namang bumusina o sana nag-text ka na lang na parating ka na."

Napapitlag siya nang marinig ang nagsalita. It was Rand who looked so fresh, and so… dangerously good-looking in a white shirt and tan cargo shorts. Itinutulak nito pabukas ang malaking gate katulong ang isang lalaking marahil ay nasa early forties ang edad. Halos kasing-taas ito ni Rand at papasang bouncer ang katawan.

Dumerecho siya ng tayo. "Baka kasi makaistorbo ako sa mga kapitbahay. Medyo iskandaloso pa naman ang busina nito. Luma na kasi," aniya bago kinuha sa bulsa ng pleated skirt ang susi ng pick-up.

"I'll go get it in," anito bago inilahad sa kanya ang kamay. "Ito nga pala si Kuya Greg. Siya at ang

asawa niya na si Ate Myra ang makakasama ninyo ng mga bata dito sa bahay sa tuwing wala ako. Kuya, si Yani," pakilala nito sa kasamang lalaki na kumaway at ngumiti sa kanya.

Gumanti siya ng ngiti bago ibinigay kay Rand ang susi.

"Pumasok ka na. O, ayan na pala si Ate. Kami na ang bahala dito sa sasakyan mo at sa mga gamit mo," anito, sabay turo sa isang may katabaang babae na parating. Sumampa na ito sa driver seat ng kanyang pick-up.

Tumango lang siya bago lumapit sa nakabukas na gate kung saan halos hilahin siya papasok ni Ate Myra. The woman seemed excited to see her.

"Nasa den ang mga bata. Excited ding makita ka."

Nakangiti rin siya habang napapatango sa mga sinasabi nito. Nabanggit na ni Alain sa kanya ang tungkol sa mag-asawa na kasa-kasama ni Rand at ng pamilya nito sa nakalipas na sampung taon. Mukhang mababait at makakasundo nga niya ang mga ito.

Nang sumapit siya sa den ay bumungad sa kanya ang mga batang tuturuan niya. She saw a lanky but already very handsome boy, who according to Alain,

was fifteen-year-old Coltrane or Colt. Katabi nito si Carlisle o Carly, na ang alam niya ay magti-thirteen pa lang ngunit marahil ay kasintaas na niya, habang ang magpipitong taon na si Caleb ay nakatayo sa couch. The trio gawked at her, as if they were not quite expecting her.

"Hi, I'm Yani. I will be hanging out with you guys for... the entire year," aniya bago iniabot ang kamay sa mga ito.

Unti-unting sumilay ang nahihiyang ngiti sa mukha ng tatlo. Si Carly ang unang nakipagkamay. Halos mag-unahan naman sina Colt at Caleb pagkatapos nito. They looked excited. But she couldn't help noticing the deep sadness and longing in the kids' eyes.

"Your name is Yani?" paniniguro ni Carly.

Ngumiti siya. "Yes, short for Satriani."

Nagliwanag ang mukha ni Colt. "Satriani? Like Joe Satriani, the guitar legend?"

"Tama! I was named after him." Curious na minasdan niya ang binatilyo. "Ang bata mo pa, ah, bakit kilala mo siya?"

He smiled sheepishly. "I have his albums in my

*iPod*. I first heard his stuff being played at this *MTV* feature."

"That's very cool. Do you play the guitar?" tanong niya.

"I do, but..." Lumamlam ang ekspresyon sa mukha ng binatilyo. "Nakikitugtog lang ako sa music room sa school, o sa bahay ng isang tropa ko na may complete band set. Carly..." tumingin ito sa kapatid, "is a very good percussionist."

Kiming ngumiti sa kanya ang dalagita. Hindi naman maiwasang magtaka ni Yani sa nalaman. Hindi iyon nabanggit sa kanya ni Alain. *The kids can play music but don't own any musical instruments?*

"Is this guitar among your stuff? Or some boyfriend left it in your car or something?"

# 2

Muntik nang mapasigaw si Yani sa biglang nagsalitang iyon. Paglingon ay nakita niyang nakatayo sa bukana ng den si Rand, at nakasukbit sa isang balikat ang gitara niya, encased in slick black leather. Sa kaliwang kamay ay hawak nito ang kanyang pink laptop bag. Nahihiyang hinablot niya dito ang pink bag dahil hindi iyon bagay sa hitsura ng lalaki.

Pero bagay na bagay rito ang gitara. With his five-o-clock shadow, slightly messy hair, that knot in his forehead, and striking Eurasian features, he looked every inch like a rock star. A very gorgeous one at that.

“That’s my guitar,” sabi niya. Napa-‘wow!’ ang mga bata.

“And Carlos?” Rand turned the guitar case over so they all could see the metallic blue key ring with an embossed name on it.

Napangiti siya. “As in Carlos Santana. Carlos ang pangalan ng gitara ko.”

Mataman siyang tiningnan nito. “And you didn’t tell us you’d be bringing this here.”

"Wala akong nabasang kahit ano sa kontrata na bawal ang magdala ng gitara, or any musical intrument for that matter, dito sa bahay. That's an acoustic. Wala akong balak na mag-ingay o tumugtog tuwing oras ng trabaho. Pero ayoko naman ng walang ibang ginagawa dito tuwing nasa school ang mga anak mo. Insomniac din ako at pagtugtog o pagsusulat ng kanta ang pampatulog ko. Hindi ako maingay, promise." Itinaas niya ang isang kamay na tila nanunumpa.

Napapabuntong-hiningang napatango na lang ang biyudo. "Fine. Iaakyat ko na lang ito. Pumunta na kayo sa kusina. We'll be having lunch in a while," pahayag nito bago tumalikod at nawala sa paningin nila. Sinilip niya muna ang amo hanggang sa makitang paakyat na ito ng hagdanan bago hinarap ang mga bata.

"I also have a beatbox at my house. One of these days, kukunin ko iyon sa bahay ko. And a portable keyboard. Who plays the keyboard?"

Nagtaas ng kamay si Caleb. "Me!"

Namilog ang mga mata niya. "Wow! Who taught you?"

"Pinaturuan siya ni Tito Alain last summer, hindi

alam ni Papa. Ang paalam lagi, tae kwon do lessons," salo ni Carly. "Are you really going to bring your beatbox here?" excited na tanong nito.

"Puwede kong hiramin 'yung guitar, Miss Yani?" nagniningning ang mga matang sabi ni Colt.

Parang may kumurot sa puso niya sa nakikitang hitsura ng tatlo. Bigla ay nawala ang tila lungkot na bumabalot sa pagkatao ng mga ito kanina. Mukhang tutol si Rand sa musical inclination ng mga anak. Bakit kaya?

"But of course! Pero dapat, unahin natin ang dahilan kung bakit ako nandito, ha? At ipapaalam din natin muna kina Ate Myra at—"

"Oh, don't worry about them, Miss Yani. Loyal sila sa amin," kumpiyansang sabi ni Colt.

"Love na love kami nina Kuya Greg at Ate Myra," segunda pa ni Caleb.

Ilang sandaling minasdan niya ang tatlo. Clearly, wala man lang siyang dapat ikanerbyos tungkol sa mga ito. The kids obviously liked her, at tila nakahanap pa ng kakampi ang mga ito sa kanya. "Well, then, tayo na at magla-lunch na daw."

"You're cool, Miss Yani," nakangiting saad ni

Carly habang palabas sila ng den.

“Because I will let you play music?”

Si Colt ang sumagot. “Because you’re nothing like what we expected.”

Tumaas ang isang kilay niya. “Really, and what were you expecting?”

“Old, strict ’tapos masungit. Scary,” sagot ni Caleb.

Natawa siya bago ginulo ang buhok nito habang patungo sila sa dining area. “Strict din ako at masungit kapag matigas ang ulo at pasaway.”

“But if we’re good?” hopeful na tanong ng bata.

“Then I am your angel and genie rolled into one,” she smiled.

“And rock star?” tanong ni Carly.

She gave a thumb-up sign. “Of course.”

“Save your conversation for later. Naghihintay ang pagkain.”

Napalingon si Yani sa nagsalita. Pababa pa lang ng hagdanan si Rand at nangungunot pa rin ang noo nito.

"Hindi ka ba sanay magsabi ng 'excuse me'?" hindi na napigilang sabi niya. Narinig niyang napasinghap ang mga bata.

"Why would I do that? This is *my* house," anito habang palapit.

"So it's okay to butt in other people's conversation, gan'on ba?"

Ilang sandaling minasdan siya nito bago sinenyasan ang mga anak na mauna nang pumunta sa dining area. Tahimik ngunit bantulot na sumunod ang tatlo.

"Your first day on the job and you're already talking back to your employer?" hindi makapaniwalang tanong nito.

"Just telling you to mind your manners," sagot niya. Hindi niya maialis ang tingin sa guwapong mukha ng kaharap. He even looked hotter when he was mad! *Uh-oh...* Hindi tuloy niya magawang tuluyang mainis dito. Sa opisina, noong Huwebes, ay intimidating talaga si Rand. Pero ngayong nasa bahay at wala ang power suit nito, medyo magulo ang buhok at hindi pa nakakapag-ahit... he looked more human.

There was even a hint of vulnerability in him

that he seemed to try to conceal through that stern, strict look he was giving her now.

Na wala namang epekto dahil mas gumuguwapo lang ito sa paningin niya. At sa halip na takot at pagkailang ay iba ang binubuhay nito sa kanya. *Crap!* Asar na iniiwas na niya ang tingin dito bago lumakad papunta sa komedor.

"We will talk later, Yani," sabi nito sa maawtoridad na tono.

Sa halip na matakot o kabahan man lang sa kung anumang pag-uusapan mamaya ay tila na-excite pa siya.

---

"Papa? What are you doing there?"

Napalingon si Rand kay Carly na nakakunot ang noo, ngunit curious na nakatingin sa kanya. Kanina pa kasi siya nakatayo sa labas ng isa sa dalawang guest rooms ng bahay, na ngayon ay inookupa na ni Yani. Pasado ala una ng hapon at bihis na siya at paalis para sa klase niya sa *San Beda Law School* sa Alabang, kung saan nagtuturo siya ng ilang elective subjects sa Commercial Law. Ngunit bago 'yon ay kailangan muna niyang kausapin saglit si Yani.

“I need to talk to Yani,” sagot niya.

“It’s open, Pa. Ako naman ang nagsara niyan kaninang lumabas ako. I was checking out her stuff earlier while she unpacked,” anang dalagita bago hinawakan na ang knob niyon at aktong pipihitin sana para sa kanya ngunit pinigilan niya.

“Ako na. I am just waiting for a message before I talk to her,” aniya bago iginiya ang anak pabalik sa kuwarto nito.

“Why don’t you just text her? Meron ka ba ng number niya? I have it. Wait…” Akmang ilalabas sana nito ang cellphone sa bulsa ngunit muli ay pinigilan niya.

“It’s okay, Baby. I will just knock, all right? I don’t want to be told to mind my manners yet again,” sabi niya para lang matigil na ang anak, na nginisihan lang siya.

“Isn’t she cool, Pa?” nangingislap ang mga matang saad nito. “Thank you. We like her already. She said she will make me not hate math anymore, and I think she can actually do it,” dugtong nito bago tinakbo na ang sariling kuwarto.

Minasdan na lang niya ang anak hanggang sa makapasok ito ng kuwarto bago napabuntong-

hininga. Sa tatlong anak ay higit siyang nag-aalala kay Carly. Loner ito at bagaman may reservations pa rin siya sa kinuhang tutor ay natutuwa naman siya sa nakikitang kaagad na pagbabago sa mukha nito. Matagal na rin simula nang huli niyang makitang talagang ngumiti at nagningning ang mga mata nito.

Napapailing na nagbalik na si Rand sa tapat ng kuwarto ni Yani at mahinang kumatok.

"Bukas iyan! Come in!"

Tumaas ang isang kilay niya bago naiiling na binuksan ang pinto. Nang makapasok ay tumambad sa kanya ang dalaga na nakatayo sa isang stool at inaayos ang pagkakakabit ng iron rod ng kurtina sa hook nito. May bay window sa kuwarto at iyon ang napagtripang ayusan ni Yani. Pinatungan nito ng rug at ilang throw pillows ang pasimano, at doon din inilagay ang gitara. Now she was making sure the curtains framing it were in place.

And as she stood on that tiny stool, he was getting an eyeful of her legs. Puting t-shirt at khaki shorts na ang suot nito, na bagaman hindi kaiklian ay sapat upang makita ng kahit sino kung gaano kaganda ang hubog ng mga binti nito. They looked strong and firm, but still very feminine.

"Okay ba? Ang ganda pala ng view dito, katapat ko 'yung park," sabi nito habang tinatalian ng ribbon ang mga kurtina at humarap sa kanya. "Sayang naman kung—" Napatigil ito sa pagsasalita, alanganing napangiti bago pinagpag ang mga kamay sa gilid ng shorts at tumalon pababa sa sahig. "Hi."

"It looks good," walang ngiting sabi niya bago iginala ang tingin sa kuwarto.

"Thanks, uhm… sorry. I know you said we will talk after lunch, pero hindi na kita mahagilap kaninang pagkabihis ko kaya sinimulan ko na lang munang ayusin itong kuwarto," paliwanag nito habang derechong nakatingin sa kanya.

*Those arresting almond eyes again.* "I was getting ready for my class. Sorry." Kinuha niya ang cellphone sa bulsa at ibinigay iyon dito. "Please key in and save your number."

Umarko ang isang kilay ng babae, ngunit inabot naman nito iyon at sinimulang i-save ang sariling number.

"What I wanted to talk to you about earlier is your guitar," umpisa niya habang abala ang babae sa ginagawa. "I am aware they're showing interest in music at ayokong masyado silang magkahilig

doon, especially at this age na ang dapat nilang pinagtutuunan ng pansin ay ang pag- aaral."

Ibinalik ni Yani ang cellphone niya. "They're good kids, Rand. And they're all doing well in school. Kaya lang ako narito ay para tulungan si Colt sa pagre-review sa college entrance tests, si Carly sa math at si Caleb sa social science subjects niya." She tilted her head to one side. "Sa tingin ko mas makakabuti kung may ibang pinagkakaabalahan o hilig ang mga bata bukod sa academics. I'm sure you've heard of it, nurturing both the left and right brain?"

"They can do other stuff, just not music. Kasasabi mo lang ng mga dahilan kung bakit ka narito, kaya sana ay iyon lang ang gawin mo at pag-ukulan ng pansin." He looked at her intently. "I am letting you have your guitar, but I am *not* giving you permission to encourage my kids to pursue music."

Ilang sandaling minasdan siya ng babae bago ito nagkibit-balikat. "Fine. Madali akong kausap."

Ngunit hindi siya kumbinsido. "Alam mo kung ano ang nakasulat sa kontrata, Yani. Ultimately ay ako ang magdedesisyon kung ano ang dapat at hindi dapat para sa mga bata. Kapag ipinagpilitan mo ang kung anumang gusto mo, I can sue you for breach of contract, you understand?" mahina ngunit mariing

pahayag niya.

Tila hindi man lang ito natinag sa kanyang sinabi. “Wala akong planong mademanda, Rand. Huwag kang mag-alala.” Napatingin ito sa bandang dibdib niya. “Your tie is crooked.”

Bago pa siya nakapagsalita o nakakilos ay nakalapit na si Yani at sinimulang kalasin ang kurbata. Her hands grazed his shoulders and collarbone as she fixed his tie—pulling, looping and knotting. He was very aware of how near she was, the lovely scent of her hair, how she looked so intent and focused on his tie.

He held his breath as he felt her fingers grazing his skin, even through the fabric of his shirt. He had never stood this close to any woman for a long time and had himself wanting to know what it felt like to touch that creamy skin, or to kiss those lips… *Shit!*

Ano ba ang pinag-iisip niya? Ibabaling na sana niya sa ibang direksyon ang mga mata, ngunit noon naman nag-angat ng tingin si Yani, at ngumiti sa kanya.

“Okay na,” anito, sabay tapik sa dibdib niya, making him swallow.

Ang lapit na ng mukha nila sa isa’t isa. “Thanks…

I… I should go," mahinang sabi niya bago tatalikod na sana ngunit pinigil siya nito sa braso.

"Ano 'to?" tanong ng babae bago may kung anong inabot sa kanang panga niya. Ipinakita nito sa kanya ang isang maliit na piraso ng puting tissue. Medyo nasugatan niya ang sarili kanina habang nag-aahit at nilagyan niya ng alcohol ang nasaktang balat gamit ang isang piraso ng tissue.

"Yikes! You hurt yourself shaving?" bulalas nito bago siya binitiwan. "Wait lang, lagyan natin ng baby oil para hindi kapitan ng dust o kung ano iyan. It's quite nasty, Rand. It's almost half an inch. Hindi mo napansin, 'no?" dagdag nito bago may kung anong inabot sa dresser. A bottle of baby oil and a cotton ball.

"Uhm… it's okay, really. Nagmamadali kasi ako." Bigla ay tila hindi niya malaman ang sasabihin o kung paano tatanggi sa babaeng ito. It'd been ages since anyone had fussed over him like this.

"Sandali lang ito." Yani held his face to keep him steady, then gently dabbed on the cut with the cotton ball.

Tila ipinako siya sa kinatatayuan dahil muli ay halos magdikit na ang mga katawan nila. Ilang

segundo lamang iyon ngunit tila oras na ang lumipas at pakiramdam niya, nang sa wakas ay lumayo na ang dalaga at pagmasdan siya… kay dami na ng nagbago.

"Okay, now you can really, really go. Okay na." She gave a thumb-up sign and a smile.

Dahilan upang sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng mahabang panahon ay muling malaman ni Rand kung paano ang pakiramdam ng may hindi normal na pagtibok ng puso. Tila wala siya sa huwisyo nang tahimik siyang tumango at sumenyas kay Yani na lalabas na. Nakapako lamang ang mga mata niya sa magandang mukha nito, sa ngiti nitong tila kay daming nais sabihin.

Kahit nang makalayo na siya ng kuwarto at makababa ng hagdanan ay hindi pa rin iyon mawala sa isip niya.

# 3

Pasado alas seis pa lang ng umaga ngunit nakaligo at bihis na si Yani. Lunes nang araw na iyon at plano niyang sumabay sa pagpasok sa mga bata upang may kausaping ilang mga tao sa international school na pinapasukan ng mga ito.

Lumabas na siya ng silid. Mabilis na naglakad siya patungo sa hagdanan upang mapasinghap lang dahil muntik niyang mabangga si Rand na biglang lumabas din ng kuwarto nito.

Sapo ang dibdib na tiningnan niya ito. "Good morning."

And he looked impeccable in a cream-coloured structured barong. Still so good-looking despite those few lines on his forehead as he looked at her.

"Ang aga mo, ah. I thought you said you're insomniac?"

"I am. I slept at two early this morning. Pero gusto ko sanang pumunta sa school ng mga bata and talk to their advisers, as well as the guidance counselors para naman maplano at maiayos ko ang schedule ng lessons ko sa kanila," paliwanag niya.

"You sure gising ka na n'yan? Baka mamaya cranky ka pala kapag kulang sa tulog at hindi maganda ang kalabasan ng pakikipag-usap mo," nagdududang sabi nito.

"Okay lang ako. Gising na ako, tingnan mo, o!" Nilakihan pa niya ang pagkakadilat ng mga mata na dahilan upang lalong mangunot ang noo nito. "When my mind is set on doing something, okay lang ako at walang nakakapigil kahit antok at gutom," paniniguro niya.

Ilang sandaling tiningnan siya nito bago napatango. "Well then, sumabay ka na sa amin at wala akong tiwala sa driving skills mo ganyang kulang ka sa tulog."

"No problem!" nakangiting sagot niya bago nagpatiuna na sa pagtungo sa hagdanan. Ngunit nagulat siya nang bigla siyang hawakan ni Rand sa siko at alalayan habang pababa sila. His big, warm hand holding her so gently like that gave her goosebumps. Parang napaka-natural lang niyon at hindi niya iyon inaasahan.

Nang tuluyan silang makababa at bitiwan siya nito, pakiramdam ni Yani ay bigla siyang gininaw. It took a few more seconds before she gathered her scattered wits and walked toward the kitchen where

everybody else was lined up for their lunch bags.

Curious ang tingin sa kanya ng mga bata kaya ipinaliwanag niya sa mga ito kung bakit gising kaagad siya at sasama pa sa eskuwelahan. Na-excite naman ang mga ito at halos hilahin pa siya ni Caleb patungo sa *Mitsubishi Montero* na noon ay nakahanda na sa labas ng gate. Si Carly ay ipinagpilitan pa talagang sa front passenger seat siya maupo, katabi ni Rand.

All the while, she could feel the man looking at her, and it was making her feel a hundred things at once. Hindi siya iyong tipong madaling ma-conscious o mailang, but against her will, that was exactly what's happening now.

Nang makaupo sa loob ng sasakyan ay halos hindi siya gumagalaw. Napasinghap pa siya nang tapikin siya ni Rand sa braso. Pagtingin niya ay nangungunot ang noo ngunit amused na nakatingin ito sa kanya, bago naiiling na inilapit ang katawan at ipinaikot sa kanya ang isang braso.

"What...." Ngunit hindi na niya naituloy ang sasabihin nang mapagtantong ikakabit lang pala nito ang seatbelt niya.

"Inaantok ka pa yata," naiiling na sabi nito nang harapin ang manibela.

"Hindi, ah," tanggi ni Yani bago dumerecho ng upo. "Iniisip ko lang iyong mga sasabihin ko mamaya."

Umarko lang ang isang kilay ng katabi bago tumingin sa rearview mirror. "You guys all okay back there?"

"Yes, Pop!" sabay-sabay na sagot ng tatlong batang nakaupo sa likod, at nangingibabaw ang boses ni Caleb. Habang nasa daan sila ay tuluyang nagpagising kay Yani ang sinabi nito:

"This is so cool. We look just like a real family!"

---

Hindi maalis ni Rand ang tingin sa eksenang nagaganap sa harap niya, mula sa bahagyang nakabukas na pinto ng kuwarto ni Caleb. Nakasalampak sa sahig at nakasandal sa gilid ng kama si Yani at hawak ang ikalawang libro sa *Chronicles of Narnia* series. Katatapos lang marahil nitong magbasa hanggang sa makatulog ang anak niya.

It was somewhat strange seeing that scene, especially because it had been a long time since he ever read to any of his kids. He now felt somewhat guilty because he didn't always had the time to, and felt even a bit of pain at how he never even saw Abby do it as well.

Napabuntong-hininga siya bago lalayo na sana sa pinto nang makitang tumayo si Yani at ayusin ang kumot ng bata. In-adjust din nito ang settings ng air con bago ito yumuko at hinagkan si Caleb sa noo at pinatay na ang mga ilaw.

Nang makita ng babae na nasa pintuan siya ay sumenyas itong puwede na siyang pumasok, ngunit kasabay naman niyon ay napansin din niyang tila dahan-dahan pang lumabas ng kani-kanyang kuwarto sina Colt at Carly na parehong may dalang ilang libro, notebooks at folders. Kapwa nanlaki ang mga mata ng dalawa nang makita siya.

"Hi, Pa. Aga mo, ah," bati ni Carly .

"Yeah. What are you kids up to?" kunot-noong tanong niya.

"Miss Yani will check our homework," sagot ni Colt na tumingin sa gawi ng dalaga na lumabas ng kuwarto at maingat na isinara ang pinto niyon.

"And you're sneaking because…?" Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa tatlo.

"Para hindi magising si Caleb. I promised these two na kapag natapos nilang gawin ang lahat ng homework nila by nine p.m., we'll party," nakangiting sabi ng dalaga. "DVD party. We'll watch a *One Republic*

concert. With popcorns and cookies. Sali ka?"

Hindi nakaligtas sa paningin niya kung paanong nagkatinginan ang dalawang anak, na tila napaka-absurd ng ideyang iimbitahan siya ni Yani na makipanood ng DVD sa mga ito.

"Yeah sure." Umarko ang isang kilay niya nang makitang tila nagulat ang mga anak. "Hey, kilala ko kaya ang *One Republic*."

"Fine, Pa," nakangising sabi ni Colt bago ito bumaling sa tutor. "We'll just leave these sa study, then we'll go make some popcorn na?"

"All right. Extra butter for me!" ungot ni Yani sa dalawa na halos magkarera na sa pagbaba sa hagdanan. She seemed to have easily bonded with his kids in a span of one week. Hindi niya iyon inaasahan.

"DVD party, huh? A concert?" aniya na tinaasan lang nito ng kilay.

"They've both been doing well with the tutoring. Almost perfect din sa mga exercises na ibinibigay ko. 'Yung treat ko for Caleb was the choco chip cookies and reading about Prince Caspian. Kanina ko lang sinabi sa kanila ang tungkol dito sa DVD party para ma-motivate pa. Mas mabuting alam nila na may reward ang hard work. Kinumpiska ko din ang

laptops nila para hindi sila mag-rely sa *Google* and instead read those reference books I made them get from their school library," mahabang paliwanag ng babae, leaving him no room to contest.

He had never seen his kids look so excited and eager to go about each day. Dati ay tila walang gana ang mga ito na parang wala lang choice kundi gawin ang mga dapat. Now, they all looked flushed with excitement. Sa tuwing maririnig niya ang usapan ng mga anak ay wala na rin siyang narinig kundi ang pangalan ng tutor, na kung minsan ay hindi niya tuloy alam kung dapat ba siyang mainis at magselos.

Ngunit alam niyang gagawin niya at ibibigay ang anuman makita lamang na ngumiti ang kanyang mga anak at maging masaya katulad ngayon, kaya balewala na sa kanya kahit pa panay si Yani ang bukambibig ng mga ito.

"I'm just surprised, that's all," sabi niya bago napailing. "Siguro wala lang akong ideya kung paanong approach ang gagawin mo sa pagtuturo sa kanila."

Nakakaunawang napangiti ito. "Wala akong planong maging kagaya ng mga strict at masungit na tutor na napapanood sa TV at pelikula." And he just had to notice again how that smile was doing

something to him.

It is the kind of smile that can take anyone's breath away. A smile that one would remember. Di iilang beses na sa tuwing mapapahinto siya sa ginagawa ay ang ngiti ni Yani ang naiisip niya.

"Mukhang hindi naman bagay sa 'yo ang maging strict o masungit." Gusto niya kaagad bawiin ang sinabi pagkatapos, lalo na nang maging kakaiba ang tingin sa kanya ng babae.

"Kung magiging strict at masungit na ako, overkill na iyon dahil nand'yan ka na," ngisi nito bago nag-peace sign.

"Hindi ako strict at masungit," depensa niya, na nagpatawa lang dito.

"You may not be aware of it, Rand. But you are. Yet your kids still love you for it. So, I guess okay lang iyon. Huwag mo nang masyadong dibdibin," sabi nito bago tinapik ang braso niya at naglakad na patungo sa hagdanan.

Pinigilan niya ito sa braso. Hindi niya basta tatanggapin ang sinabi ng babae. "What did my kids say about me?"

Tumaas ang kilay ni Yani. "That you're too

serious. That they can't tell you stuff kasi daw baka dumagdag lang sa stress mo sa trabaho."

Hindi niya iyon inaasahan. He had always thought his kids were just naturally shy and quiet. "What do they want to talk to me about? May problema ba sila sa school? May nambu-bully kay Caleb? May nanliligaw na ba kay Carly? May girlfriend na si Colt?" sunud-sunod na tanong niya, hindi malaman kung bakit kumakabog ang dibdib niya ngayon.

Hindi siya sigurado kung para iyon sa kung anumang issue ng mga anak o dahil sa muli ay pagkakalapit nila ng dalaga. Her arms may look fragile, but they were firm. Her skin also felt smooth to the touch he couldn't get his hand off her.

Umiling ito. "Walang bullies, wala pang love life. Pero may mga gusto silang gawin na sa tingin nila ay hindi mo papayagan."

Mataman niya itong tiningnan. "Music."

Tumango ito. "Yes. And no, I wasn't encouraging them. Hindi na kailangan. Alam mo ba kung ano ang sinabi sa akin ng mga nakausap ko sa school? Colt is a budding guitar whiz, kulang lang daw sa practice. The same goes for Carly who's a very good percussionist. Were you even aware they were both

part of a school talent show last year? I saw videos, and they were brilliant, Rand. Pero sinabi nila sa akin na huwag kong ipapalam sa 'yo."

Rand felt like he had been bit hit in the gut. "Why not?"

Ilang sandaling minasdan siya nito. "Dahil hindi mo raw magugustuhan. Dahil wala daw silang plano na ituloy iyon. Colt and Carly said something about their mom not wanting them to play music." Napabuntong-hininga ito. "Rand, pinakiusapan nila akong huwag sabihin sa 'yo, pero nag-aalala ako sa ayos nila habang sinasabi iyon. Para silang takot na nagi-guilty na hindi mawari. Ayaw daw nilang magalit ka. Dahil kapag ayaw daw ng mommy nila, tiyak na ayaw mo din."

He blinked. Wala siyang kaalam-alam. Nagulat din siya sa tila matinding takot ng mga anak kay Abby. Of course he knew something, and he now felt bad for ignoring it, pretending it didn't exist for the past years and even after his wife's death.

He felt even worse now that he had to know it from Yani, na iisang linggo pa lang simula nang makilala ay pinagkakatiwalaan na ng mga anak niya na pagsabihan ng nararamdaman ng mga ito.

*Damn, what have I been doing?* Masyado niyang itinutok ang nakalipas na limang taon sa pagsisimula ng bagong buhay, malayo sa lahat ng may kinalaman kay Abby. Ibinenta niya ang bahay nila sa Parañaque at lumipat sa Laguna. Nagpakasubsob siya sa trabaho, huwag lamang siyang muling masumbatan kahit sa konsyensya o panaginip ng alaala ng bawat pagkakataong minaliit ng babae ang kakayahan niya at sinabing hindi pa iyon sapat.

His Sundays were spent with his kids, though, bukod sa sinisiguro niyang sa umaga ay inihahatid niya ang mga ito sa eskuwela. Apparently, those weren't enough. His kids needed him more.

"Rand..." Inalis ni Yani ang kamay niya sa braso nito upang ito naman ang humawak sa kanya. Her hands on his felt warm and comforting.

Tumingin siya rito—ang babaeng sa loob lamang ng maikling panahon ay nagpapasaya na sa mga anak niya at natutunan nang mahalin ng mga ito. "I've been such a lousy father, haven't I?"

Bahagya itong ngumiti. "Maybe, pero hindi pa naman huli ang lahat." Kinuha nito ang isa pa niyang kamay. "You can start by joining your kids in the den later. Nag-dinner ka na ba?"

Umiling siya. "Hindi pa. Ano'ng ulam?"

"Chicken and vegetable stir-fry. 'Tapos may natira pang camaron from lunch." Napangiti na ito. "Then popcorn and cookies later. Game?"

Nahawa na siya sa ngiti nito. Kahit wala sa plano ay tila nahahawa na siya sa 'Yani Fever'. "Game!"

"All right!" excited na sabi ng babae bago nito binitiwan ang mga kamay niya at muli ay lalakad na sana patungo sa hagdanan. Ngunit muli niyang pinigilan sa braso si Yani, dahilan upang bahagya itong mapaatras at halos bumangga na sa kanya. Mabuti na lang at naalalayan niya ang likod nito.

They were standing way too close now, their bodies touching, at sa ilang segundo lang ay tila nalimutan na niya kung ano ang sasabihin.

He was now very aware of her nearness, their lips just inches apart as she stared up at him, almost unblinking.

"Rand?" pukaw ni Yani at tinapik ang pisngi niya. "Gutom ka na. Natutulala ka na, eh."

He blinked. *Huh?* "I… yes, I guess I am." Huminga siya nang malalim bago sumabay rito sa paglalakad patungo sa hagdanan. He reached for her hand and

gave it a gentle squeeze. “Thank you, Yani.”

Ikiniling nito ang ulo bago bahagyang ngumiti. “Comes with the job, Rand.”